



Naapektuhan ka na ba ng sunog?

Makakahingi ka ng tulong.

Kung na-displace ka dahil sa pinsalang dulot ng sunog sa iyong bahay, may mga mapagkukunan ang Lungsod ng San Francisco na makakatulong sa iyong bumangon. Narito ang listahan ng mga mapagkukunan para sa mga residente ng San Francisco na na-displace dahil sa sunog.

Makatanggap ng Agarang Tulong at Suporta sa Sambahayan

Nagbibigay ang American Red Cross ng agarang tulong para sa pagkain, damit, o pabahay, gaya ng overnight shelter at pansamantalang hotel para sa iyo at iyong pamilya. Kung nakaranas ka o ang isang kakilala ng sakuna kamakailan, makipag-ugnayan sa American Red Cross sa **866-272-2237**.

Mag-apply para sa Programa ng Pansamantalang Tulong para sa Mga Nawalan ng Tirahan

Nag-aalok ang Programa ng Pansamantalang Tulong para sa Mga Nawalan ng Tirahan ng Ahensya para sa Mga Serbisyong Pantao ng San Francisco (San Francisco Human Services Agency, SFHSA) ng programa ng subsidiya sa pansamantalang pabahay para sa mga kwalipikadong sambahayang nakakaranas ng pangmatagalang displacement dahil sa sunog. Para sa mga kwalipikadong residente ng San Francisco, ang programa ng Pansamantalang Tulong para sa Mga Nawalan ng Tirahan ay posibleng magbigay ng:

- Mga unit na may hindi kontroladong upa sa mga tenant sa pamamagitan ng minsanang pagbabayad para makatulong sa mga gastusin sa paglipat sa isang bagong unit. Direktang ibibigay ng programa ang bayad sa landlord ng bagong unit.
- Mga tenant ng mga unit na may kontroladong upa sa pamamagitan ng buwanang subsidiya sa upa. Sasagutin ng subsidiya ang kulang sa pagitan ng upa sa permanenteng tirahan ng tenant at ng katulad na unit na pinapallease sa kasalukuyang market rate. Puwedeng tumagal ang subsidiya hanggang labindalawang buwan, o hanggang sa maging handa na para sa muling pag-okupa ang permanenteng address, alinman doon ang mauna.



Para maging kwalipikado para sa Programa ng Pansamantalang Tulong para sa Mga Nawalan ng Tirahan, dapat ay:

- Na-displace ka dahil sa isang sunog sa San Francisco sa nakalipas na tatlong buwan
- Mayroon kang kitang hindi lumalampas sa 100% ng Median na Kita sa Lugar (Area Median Income, AMI)
- Mayroon kang mga liquid asset na hindi lalampas sa \$30,000 kada tao o \$60,000 kada sambahayan (hindi kasama ang mga retirement at college saving account na kinikilala ng IRS)

Makakatulong ang SFHSA sa mga residente na tukuyin kung kwalipikado sila para sa tulong pinansyal sa pamamagitan ng Programa ng Pansamantalang Tulong para sa Mga Nawalan ng Tirahan. Para mag-apply o para alamin pa ang tungkol sa Programa ng Pansamantalang Tulong para sa Mga Nawalan ng Tirahan, makipag-ugnayan sa HSAfireresponse@sfgov.org o tumawag sa **415-769-7408**.

Kunin ang Mga Pag-aari Mo sa Bahay

Mag-iiba ang timeline ng iba't ibang insidente ng sunog depende sa kalalaan ng sitwasyon. Aabisuhan ang mga tenant tungkol sa kundisyon ng kanilang unit kaugnay ng habitability at access sa mga ari-arian. Para makakuha ng higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Inspeksyon ng Gusali (Department of Building Inspection, DBI) sa **628-652-3450** o

DBI.inspectionervices@sfgov.org. Makikipagtulungan ang DBI sa mga may-ari at landlord ng property para magbigay ng access sa gusali para sa mga tenant.

Makipag-ugnayan sa Iyong Landlord sa loob ng 30 Araw

May karapatan kang bumalik sa ilalim ng mga tuntunin ng iyong kasunduan sa upa bago ang pag-alis mo noong nakaraan. Mayroon kang 30 araw para abisuhan ang landlord na tinatanggap o tinatanggihan mo ang alok. Kung tatanggapin mo ang alok, mayroon kang 30 araw, pagkatapos ng insidente, para abisuhan ang landlord tungkol sa intensyon mong bumalik. Pagkatapos ng mga pagpapa-repair at mag-alok ang isang landlord na muling ipapaokupa ang dati mong unit, mayroon kang 30 araw para tanggapin o tanggihan ang alok ng muling pag-okupa. Mas maiging isulat ang lahat ng abiso.

Makatanggap ng Tulong sa Upa at Paglipat

May ilang organisasyong nag-aalok ng tulong sa upa at paglipat sa mga taong naapektuhan ng sunog. Narito ang ilan sa mga iyon:



- **San Francisco Displaced Tenant Housing Preference:** Ang Displaced Tenant Housing Preference, sa pamamagitan ng Mayor's Office of Housing and Community Development (MOHCD), ay tumutulong sa mga tenant na na-displace mula sa pabahay na may kontroladong upa na na-evict nang hindi nila kasalanan, dahil sa sunog, o dahil sa hindi mabayaranang upa dahil hindi ito abot-kaya. Nagbibigay ang pagpapatunay ng preference sa mga lottery sa abot-kayang pabahay na isinasagawa ng MOHCD. Ang form ng application para sa lottery ay dapat may lagda ng Bureau of Fire Investigation ng SFFD o ng SFHSA. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang:
sf.gov/displaced-tenant-housing-preference-program-dthp
- **Catholic Charities:** catholiccharitiessf.org o 415-972-1200
- **AIDS Foundation:** sfaf.org/services/housing-financial-benefits o 415-487-3000
- **Tzu Chi:** tzuchi.us o 415-682-0566

Para matukoy kung may available na ulat ng sunog, tumawag sa Bureau of Fire Investigation ng SFFD sa **415-920-2933** o bisitahin ang **sf-fire.org/contact-us/fire-investigation**

Mag-apply para sa Pang-emergency na Kapital ng Pagkain

Kung nawalan ng pagkain ang iyong sambahayan dahil sa isang sunog, matutulungan ka ng SFHSA na mag-apply para sa pang-emergency na kapital ng pagkain kung nakatanggap ka na ng CalFresh. Makipag-ugnayan sa **415-558-4700** o **food@sfgov.org** sa loob ng 10 araw mula nang mangyari ang insidente para sa higit pang impormasyon. Mag-click o mag-tap dito para maglagay ng text.

Humiling ng Ulat ng Sunog para sa Iyong Provider ng Insurance

Kung kailangan mong makakuha ng ulat ng sunog para makagawa ng claim sa insurance, narito ang ilang hakbang sa pagsisimula. Idinedetalye ng ulat ng sunog ang oras at petsa ng sunog, lokasyon ng sunog, dahilan ng sunog, pinsalang naidulot ng sunog, at anumang pinsala o pagkamatay na naging resulta ng sunog. Puwedeng magbigay ang Kagawaran ng Bumbero ng San Francisco (SFFD) ng kopya ng ulat ng sunog.

- Mga tagubilin sa paghiling ng ulat ng sunog: **sf-fire.org/services/fire-reports**
- Para matukoy kung may available na ulat ng sunog, tumawag sa Bureau of Fire Investigation ng SFFD sa **415-920-2933** o bisitahin ang **sf-fire.org/contact-us/fire-investigation**



- Posibleng abutin nang ilang linggo o buwan ang pagkumpleto ng ulat ng sunog depende sa laki ng sunog. Kapag naihain na ang ulat, ilalagay ka sa queue at matatanggap mo ang impormasyon kapag handa na ito.

Makatanggap ng Suporta mula sa Mga Organisasyon sa Mga Karapatan ng Mga Tenant

Kung isa kang tenant, may ilang organisasyong makakatulong sa iyo. Nasa ibaba ang isang listahan ng ilang organisasyon. Para sa isang mas komprehensibong listahan, bumisita sa: sf-fire.org/list-tenants-rights-organizations-building-owners

- **San Francisco Tenants Union:** sftu.org o 415-282-6622
- **Housing Rights Committee:** hrssf.org o 415-703-8644
- **Causa Justa:** cjjc.org o 415-487-9203
- **Chinatown Community Development Center (CCDC):** chinatowncdc.org o 415-984-1450
- **Mission Economic Development Agency (MEDA):** medasf.org o 415-282-3334

Maghanap ng Pangangalaga at Suporta para sa Alagang Hayop at Iba pang Hayop

Kung nagkaroon ka o ang iyong pamilya ng emergency na nauugnay sa alagang hayop sa panahon ng sunog, nariyan ang mga Animal Control Officer para tumulong. Para sa higit pang impormasyon o para sa mga emergency na nauugnay sa mga hayop, tumawag sa **415-554-9400**.

Makatanggap ng Tulong para sa Iyong Negosyo Pagkatapos ng isang Sunog

Alamin ang mga mapagkukunan na available sa mga negosyo pagkatapos ng isang malaking sunog, kasama ang grant ng Tulong para sa Sakunang Dulot ng Sunog na nagkakahalaga ng hanggang \$10,000. Alamin pa rito:

sf.gov/get-help-your-business-after-fire

Alamin ang Higit pang Impormasyon

Tingnan ang aming webpage: **SFHSA.org/firehelp**

In-update noong: Hulyo 2026